**Abstract**

Epo lives a less fortunate life, living in a much less fortunate corner town of Bulacan – Hagonoy. “EPO: Mga Dagling Hindi Makapiglas” aims to tell the dystopic condition of the town and its people in time of COVID-19.

**Keywords**

Kabilaan (exchanges of bribe), super (fishing boat driver), manduruong (fishing boat spotter), torgante (creek/sea gate keeper), namumuwisan (fish farm lessee)

**English title**

Epo: Stories of Continued Struggle

# EPO
## MGA DAGLING HINDI MAKAPIGLAS

**KEANU REYES**

### Kabilaan

Huling palakaya na ng Norwey na sinasakyan ni Epo kagabi. Isang linggo pa lang sila sa laot. Kalimitang tatlo hanggang apat na linggo ang pamamalakaya kapag maganda ang kabuhayan ng dagat.

Agad na nakapaglinis ng kaniyang estasyon si Epo. Ibig sabihi’y nakapag-urong na, nalinis na ang kusina, at nasigurong sarado ang gasul. Sayang kung sisingaw lang ang tig-isang libong pisong gasul.

Ang mga kasama niya’y kanya-kanya nang puwesto para makapahinga. May nagkuyakoy, may nagkape, may nanigarilyo—patanaw-tanaw sa madilim na paligid na halos walang maaninag. Gising na gising naman ang super na drayber ng Norwey, at ang manduruong na giya. Ang manduruong din ang may-ari ng bangka na naghatid ng balitang magpapahinga muna sila.

“Mga bata, pasensiya na kayo. Sadyang kay taas ng diesel, ey. Isang luwas natin kada gabi’y umootsenta mil tayo sa gastusin,” paliwanag ng manduruong.

"Isa pa'y apakaraming nanghuhuli sa atin. Para bang kriminal tayo, ey. Patago-tago sa Maritaym. Di makapaghanapbuhay nang malaya. Ay, talagang napakalupit ng dagat sa atin, ey!" dagdag nito.

"Tayo nama'y nagbakasakali laang. Baka maganda ang kabuhayan ngayon. Kaya laang ey hindi pala. O hala, makayari ng isang ikot nati'y uuwi muna tayong Hagunoy. Tutal ey maghahalalan na't baka kayo'y maka-ekstra, pangtawid din iyon."

Napakamot ng ulo si Epo nang naalala ang litanya ng amo. Kundi nga lang siya patpatin at mukhang menor de edad, baka makadugas pa nga siya ng pag-watcher sa halalan.

Umaga na't nakalipat na sila ng mas maliit na bangkang magpapasok sa kanila sa Hagunoy. Sapagkat mababaw pa ang tubig, sasayad ang Norwey. Naiwan ang super at manduruong. Nilalangaw ang mga dala nilang cooler na yelo lang halos ang mga laman.

Umiikot-ikot sa kanyang hintuturo ang nakasabit na plastic ng pangating abo-abo at hasa-hasa. May tatlong kilo rin iyon. Kung ibebenta niya'y aabot ng tatlong daan ang isa.

Papalabas na siya sa buhol-buhol at sanga-sangang eskinita ng San Pascual. Nakasalubong niya ang kilalang ahente ng kandidatong mayor.

Kumuha siya ng tatlong pirasong abo-abo, sapat na pang-ulam nila sa bahay. Iniabot niya ang supot sa ahente kapalit ng isang supot na kulay orange, may mukha ng kandidato. Kabilaan ang tawag dito—bulong, tango, abot—mabilisan lang.

Pag-uwi niya'y binuksan agad ang supot na bitbit. Tatlong corned beef, kape, at isang kilong bigas ang laman. Pagsipat niya sa de lata, may naka-tape sa puwitan. Pagtingin niya'y tig-isandaang piso kada lata ang patangay. Advance naman ang tawag dito. Sa kamakalawa, maaaring may kasunod pa't dikit na ang araw ng halalan. Lamang ay mas marami nang hinihingi gaya ng edad at kung botante na ba, dito siya tagilid.

Sa ngayo'y pikit mata muna silang kakain ng baka, de lata nga lang. Bukas na nila kakainin ang ipapaksiw na abo-abo.

XXXXX

## Torgante

Dalawang araw nang rumaragasa ang tubig sa ilog-Halang. Kaya't nang sumasalubong na ang tubig-Kalakhan, inangat na ng torganteng si Epo ang prinsa. Mahirap na, baka mapuwersa at mabugta ang pilapil na

nagsisilbing bakod ng ilog at mga bukid-palaisdaan. Balita pa naman mula sa torgante ng Sapang Sukol na ukang-uka na ang istaka ng pilapil malapit sa kanila.

Ang mga torganteng kagaya ni Epo ang namamahala sa pagbubukas at pagsasara ng mga prinsa ng mga sapa. Alam nila kung kailan dapat papasukin ang tubig, kailan hindi. Tuwing ikalawa hanggang ikaapat na araw kasi'y kailangang mapanariwa ang tubig sa mga palaisdaan. Ang dumi ng mga isdang hulog at tirang pakain sa isda. Kaya't mahalaga sa mga maliliit na namumuwisan ng palaisdaan na sistematikong napapapasok o napipigilan ang pagpasok ng tubig sa mga sapa sa pamamagitan ng mga torgante. Mga namumuwisan din ang nagpapasahod sa kanila.

Ang iniiwasang mangyari nina Epo ay mapigtas ang pilapil at pumasok ang malaking tubig mula sa ilog papunta sa kanilang mga palaisdaan. Delikado ang kabuhayan ng namumuwisan, tiyak na mawa-washout ang mga hulog na isda. Mas malaking gawak ang bahang aapaw sa mga kabahayan na tatagal nang ilang araw hanggang isang linggo bago ang paghupa.

Sa ganitong pagkakataon, remedyo lang ang nagagawa ng mga torgante.

Nang nakaraang taon lang, pumikit-dumilat sila Epo habang minamasdan at pinapanood na lang na magputukan ang pilapil na bakod-ilog. "Suuuus ginuo, lugi na naman ang Pedrong Namumuwisan ay!" Nang nagtagal, halos sunod-sunod na ring pumutok at napigtas ang mas mabababang pilapil ng maliliit na palaisdaan.

Ngayo'y umaasa't nagdadasal sina Epo na sana'y kumalma na ang ragasa ng ilog at gumana sana ang ginawa nilang pansamantalang pampatibay ng pilapil na mga sako-sakong lupa. Ika nila'y "biruin mo, ang talagang isinasalba nga lang natin ay 'yong ating bukid, aba'y kapag nagkataon ay buong bayan ang ating maisasalba sa baha!"

Nang uuwi na sana si Epo para makapagkape sa kanilang kubo ay nagulat siya nang may marinig na putok sa gawing Sukol. Agad siyang napatalikod at sumabay ang ikalawa, ikatlo, ikaapat, ikalima, at ikaanim na magkakasunod na putok. Kumunot ang kaniyang noo, napailing, huminga nang malalim at nagsabing "Suuuusmaryosep, lugi na naman ang Pedrong Namumuwisan ay!"

XXXXX

## Si Epo

Si Epo, nangangalakal ng basura sa harap ng simbahan ni San Joseng Manggagawa. Sa harap noon ay ang mataas na bahay at mataas na bakod ng mag-anak na konsehal, mayor, at gobernador—mas kilala sa tawag na "banal na pamilya." Pinalayas siya ng katiwala. Salot at malas daw siya.

Si Epo, nagtuloy sa kabilang kanto, doon sa tambakan ng mga basura. Gabundok na ang basura. Nakakasulasok ang halo-halong amoy ng gamit na diaper, hasang at bituka ng isda, patay na daga at pusa, mismis ng pinaglutuan at pinagkainan, at kung ano-ano pang nabubulok at di nabubulok na basura. Nilagpasan niya, di niya kayang mangalakal sa ganoong kabantot na basurahan.

Si Epo, nadaan sa tindahan ng litsong manok. Nilanghap ang usok, iniisip kung bakit mabantot at nanlilimahid ang baryong pinagmulan ng banal na pamilyang konsehal, mayor, at gobernador.

Si Epo, sa gutom ay kinuwentuhan ang sarili. Mas masuwerte raw siya sa aso ng taga-mataas na bahay. Gutom man siya, malaya naman siya't hindi nakakulong. Ang aso raw na 'yon ay hubo't hubad, di gaya niyang may kamiseta ng banal na pamilya. Tagpi-tagpi man daw ang kanyang salawal, ang mahalaga'y di siya nasisilipan.

Si Epo, mabantot at nanlilimahid na ngunit di nagkakasakit. Maski ang salot ay iniiwasan siya't pinandidirihan. Huling nagkalaman ang tiyan niya ay kahapon pa nang umaga.

Si Epo, tuloy ang lakad habang tumataas ang araw. Magbabakasakaling sa mga susunod na kanto ay maka-jackpot ng pangkain.

XXXXX

## Kung Bakit Nawala na ang mga Manghuhula sa Quiapo

Si Leonora na lang ang kaisa-isang manghuhula noong araw na iyon sa Quiapo. Biyernes pa naman, araw ng Quiapo, tiyak na maraming tao. Simula nang nasalot ang Kamaynilaan at kalapit na mga lalawigan, bihira na ang dumadalaw na parokyano ng Nazareno at mga murang gamit na mabibili sa paligid na iyon.

Inilatag ni Leonora sa kanyang lamesita, ang lumang baraha at isang tubigan, para hindi siya atakihin sa sobrang init. Isinabit din ang mga pulseras na dinisenyong rosaryo. Pati ang mga rosaryo na may iba't ibang kulay. Pati ang suklay, suyod, supil, polbo, panyo na may mukha

ng Nazareno, biskuwit, kendi, at yosi. Inilagay rin ang karatula na may presyo ng pagpapahula.

Unang tumigil sa panghuhula si Carlita. Ang hula niya'y mabubuhay nang matagal ang lalaking huli niyang kliyente. Pag-uwi raw sa Sta. Mesa, natokhang, patay. Mula noon ay hindi na nagpakita pa si Carlita, baka raw balikan siya ng pamilya ng namatay. Ganoon din ang nangyari sa mga kasama nilang dati namang hindi nagmimintis sa pagtingin sa hinaharap.

Si Maxima, sabi'y hindi matatanggal sa trabaho ang asawa ng huling nahulaan. Ayun at nagkasalubong pa ang mag-asawa pagkatayo nito sa puwesto niya. Wala na palang trabaho ang lalaki dahil tapos na ang anim na buwang kontrata sa pabrika.

Pagyaman naman ang garantiya ni Erlinda sa isang teacher na hinulaan. Tataas daw ang sahod. Makalipas ang isang linggo, may bago nang presidente ang Pilipinas. Itataas ulit ang buwis. Hindi na tumugpa sa Quiapo ang matandang manghuhula. Hindi pala dapat teacher ang hinulaan niya, kundi ang mga mayayamang negosyante.

Si Francisca ang pinakahuling umalis. Kuntodo hikayat pa nito sa kliyenteng nagtitinda ng buko na bilhin ang dahon ng banaba para sa mabilis na daloy ng kaso, langis ng niyog naman para sa mabangong hatol, at buto ng duhat na ilalagay sa ilalim ng talampakan para maapakan at 'di makalabas ang maitim na malas. Lahat ng iyon, orasyon para sa hustisya ng anak na basta na lang hinuli at ikinulong ng mga pulis. Nang malaman ni Leonorang inutil na abogado ang iuupong hepe ng hustisya ng bagong administrasyon, alam na niya kung bakit hindi na nakatugpa si Francisca.

Sa unang kalembang pa lang ng kampana ng Quiapo, dumagsa na ang mga tao para bumili ng biskuwit, yosi, rosaryo, kendi, at misal para sa mga magsisimba pa lang. May isang lalaking lumapit sa lamesita ni Leonora para magpahula.

"Naku, pasensiya ka na, iho. Hindi na ako nanghuhula. Masyado nang mahirap silipin ang hinaharap. Ang bilis-bilis nang magbago ng panahon."

"Sige na po. Aalamin ko lang kung makakabalik pa ako ng Kuwait. Kailangan ko po ulit ng trabaho. Walang makakain ang pamilya ko kapag 'di ako nakaalis ng Pinas."

Tinago na ni Leonora ang baraha at karatula sa ilalim ng kanyang lamesita.

"Hindi na talaga ako nanghuhula, iho. Hindi na ang baraha o palad n'yo ang may hawak ng kapalaran n'yo. Doon, doon kayo sa palasyo magtanong ng kapalaran n'yo. Sila, sila na ang may hawak sa kapalaran nating lahat! Ako'y uuwi na!"

XXXXX

## Back to Normal

Poon ng Sto. Niño. Tatlong tali ng sampaguita. Dalawang puting kandilang inuupos ang sarili. Si Carmen, isang linggo nang nagrorosaryo, nagnonobena, nananalangin. Namumugto ang dalawang mata dahil sa pagpupuyat, pagtangis, at pagdarasal.

Pumasok si Epo sa silid-dasalang kinalalagyan ng asawa. Nakakapit ang kaliwang kamay nito sa hamba at ang kanan naman ay sa seradura, dahilan kung bakit nagulat itong si Carmen dahil nagmukhang nasa kabaong ang kanyang asawa sa ganoong porma.

"Carmen!" Hinihingal pa ito dahil sa pagmamadali nitong umakyat para sabihin ang balita. Nakatunganga lang ang tinawag—naghihintay sa kasunod na pangungusap.

"Nasa labas si Kapitan!"

Nilamatan na ni Carmen ang katahimikan. Sa pagsagot niya'y hindi man lang natinag sa pagluhod at mahigpit na pagkakahawak sa antigong rosaryo't nobenita.

"Bakit daw? Pinapasok mo na ba? Pagkapehin mo muna, Epo."

Muli niyang hinarap ang poon at lumipat ang mga daliri sa susunod na misteryo—ang misteryo ng hapis. Hinahabol pa ni Epo ang hininga bago nakasagot.

"Huwag na raw." Humigop muna ng hangin si Epo bago nasabing. . . "Dalian mo. Nakita na nila ang anak natin!"

Natahimik ang buong paligid. Sa unang pagkakataon ay umangat sa luhurang kahoy ang mga tuhod ni Carmen. Agad siyang sumugod papuntang pintuan, binuksan ito at dumiretso agad sa ibaba, kay Kapitan.

Katanghalian na, namumugto pa rin ang mga mata ni Carmen. Nakasandal sa balikat ng asawa na maga rin ang mga mata.

Ibinaba na ang Sto. Nino. Naging korona ang sampaguita. Nilagyan ng dalawang malalaking kandila ang ulunan at paanan ng kabaong ng kanilang anak.

“Buti nga ’yan nakita pa. Iyong si ano, ano nga ba ang pangalan ng kapitbahay nina ano, doon sa kabilang doongan? ’Yon eh hindi na nakita! Hindi raw kilala ang dumukot noong papauwi galing sa eskuwela.”

“Iyang anak nila ’yong na-Covid di ba? Ayan kasi, ayaw magtigil.”

“Hindi nga sa Covid namatay... Tsk. Hay naku, nakakakilabot.”

“Eh kung nananahimik na lang kasi sila.”

“Nagbabala naman si Presidente. Noon pa niya sinasabi ’yang mga ganyan!”

“Paano na kaya ngayon, magbabago na ang presidente?

“E dapat, magkaisa na talaga tayong mga Pilipino.”

“Nakakagulat naman ang nangyari sa bata. Ang talino pa naman.”

“Hindi kailangan na matalino lang. Dapat may manners din!”

“Ewan ko ba, mars.”

“Haaay, mukhang back to normal na nga talaga, mars.”